

# Tungkol sa Program

Ang Washington State Foreclosures Fairness Program (Pagkamarungan sa Foreclosure ng Estado ng Washington) ang nagpapadali sa komunikasyon sa pagitan ng mga nagpapahiram at mga may-ari ng bahay upang maiwasan ang mga pagreremata at maabot ang isang resolusyon.

Nagbibigay ito ng tulong para maiwasan ang foreclosure sa pamamagitan ng pag-aalok ng tatlong pangunahing serbisyo sa mga may-ari ng bahay:

- Libreng pagpapayo para sa pabahay
- Libreng legal na tulong sa mga may-aring bahay na may mababa at katamtaman na kita
- Mababang halaga ng foreclosure mediation para sa mga kwalipikado



## Ano ang foreclosure mediation?

Ang foreclosure mediation ay isang proseso kung saan ang isang neutral na third-party (ang tagapamagitan) ay tumutulong sa may-ari ng bahay at tagapagpahiram na maabot ang isang patas, boluntaryo, at napagkasunduan na kasunduan. Ang isang tagapamagitan ay hindi isang hukom at hindi kumakatawan sa alinmang partido.



## Sino ang kwalipikado na lumahok sa pamamagitan ng foreclosure?

Puwedeng maging kwalipikado ang mga may-ari ng bahay para sa pamamagitan kung makatanggap sila ng Notice of Default [Abiso ng Di-makabayad] mula sa kanilang tagapagpahiram. Kung ang isang Notice of Trustee's Sale [Abiso ng Pagbebenta ng Tagapangasiwa] ng ay naitala, ang pagiging karapat-dapat para sa pamamagitan ay magwawakas sa loob ng 90 na araw bago ang petsa ng pagbebenta na nakalista sa abiso. **Tingnan ang loob ng brochure na ito para sa mga detalye kung kailan puwedeng gawin ang kahilingan sa pamamagitan.** Hindi kasama sa pamamagitan ang ilang mga nagpapahiram.



## Paano humihiling ng pamamagitan ang isang may-ari ng bahay?

Hindi puwedeng sumangguni sa sarili sa pamamagitan ng foreclosure ang may-ari ng bahay. Dapat na maisangguni sa Department of Commerce [Kagawaran ng Komersiyo] sa isang tagapayo sa pabahay o isang abogado ang may-ari ng bahay. Maaaring makipag-ugnayan ang sinumang may-ari ng bahay sa isang **LIBRE na** tagapayo sa pabahay anumang oras sa proseso sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng impormasyon sa pagmamay-ari ng bahay ng Estado ng Washington sa **1-877-894-HOME (4663)**.

Ang mga may-ari ng bahay na may mababa hanggang katamtaman na kita ay puwede ring maging kwalipikado para sa tulong mula sa hotline ng legal na tulong pangmamamayan sa buong estado. Tawagan 1-800-606-4819.



Northwest Justice Project



Washington Homeownership Resource Center



WASHINGTON STATE HOUSING FINANCE COMMISSION



FINANCIAL EMPOWERMENT NETWORK



Washington State Department of Commerce



AMERICAN FINANCIAL SOLUTIONS

a nonprofit credit counseling agency



HOTLINE NG IMPORMASYON NG WASHINGTON STATE HOMEOWNERSHIP

1-877-894-HOME (4663)

HOTLINE NG LEGAL NA TULONG PANGMAMAMAYAN

1-800-606-4819

Para sa impormasyon tungkol sa programa ng pamamagitan, pag-iwas sa foreclosure, mga alternatibo sa foreclosure, paano maiwasang maging biktima ng mga nagaalok ng peke na tulong at iba pa, bisitahin ang: [homeownership-wa.org](http://homeownership-wa.org)

# Nakakaranas ka ba ng foreclosure?



## Huwag hintayin na mahuli ang lahat.

Humingi ng tulong sa foreclosure ngayon!

CONTACT

[www.homeownership-wa.org](http://www.homeownership-wa.org)  
1-877-894-4663





# Paano ako makakakuha ng tulong sa foreclosure?

Hindi ka nag-iisa. May tulong na nakalaan.



## Anumang oras habang nasa Proseso

Tawagan ang **1-877-894-HOME (4663)** anumang oras sa loob ng proseso mula **M-F, 8 AM to 5 PM** upang makipag-usap sa isang tagapayo sa pabahay ng **LIBRE**.

Matutulungan ka ng isang tagapayo sa pabahay na tuklasin ang iyong mga opsyon upang maiwasan ang foreclosure, kabilang ang:

- Mga plano sa pagbabayad
- Mga pagsasaayos sa pautang
- Pagbebenta ng bahay bago ang foreclosure

### Hakbang 1: Notice of Pre-Foreclosure Options, (NOPFO)

**Aksyon:** Magpdala ng sulat sa iyong tagapagpahiram ukol sa kahilingan na mag "Meet and Confer."

- Matapos mahuli ng isa o dalawang beses sa pagbabayad ng bahay, padadalhan ka ng iyong tagapagpahiram ng isang sertipikadong sulat na tinatawag na Notice of Pre-Foreclosure Options (Mga Paraan sa Abiso ng Pre-Foreclosure), o "NOPFO."
- Kung tumugon ka sa pamamagitan ng sulat na humihiling ng isang pulong (tinatawag na "meet and confer"), hindi puwedeng mag-isyu ang iyong tagapagpahiram ng Notice of Default hanggang 90 na araw pagkatapos ng Notice of Pre-Foreclosure Options (NOPFO).
- Ang paghiling sa pagpupulong ay nakakatulong na mapalawig ang panahon na makipag-ugnayan sa isang tagapayo sa pabahay at gumawa ng solusyon na posibleng makapagpahinto sa iyong pagreremata.
- Dapat kang tumugon sa Notice of Pre-Foreclosure Options (NOPFO) sa loob ng 30 na araw kung hindi ang iyong tagapagpahiram ay pwedeng magbigay ng susunod na abiso.

### Hakbang 2: Notice of Default

**Aksyon:** Makipag-ugnayan sa isang tagapayo o abogado sa pabahay at humiling ng isang referral sa pamamagitan ng iyong tagapagpahiram.

- Kung nakatanggap ka ng Notice of Default, makipag-ugnayan kaagad sa isang tagapayo sa pabahay o abogado. Puwede silang makatulong na mamagitan sa iyong tagapagpahiram.
- Bilang tugon sa Notice of Default, ang isang tagapagpayo sa pabahay o abogado ay maaring humiling ng pamamagitan sa pangalan mo--pero hindi mo maaring hilingin ng direktso.
- Ang paghiling ng pamamagitan ay pansamantalang ihihinto ang proseso ng foreclosure hanggang sa makumpleto ang pamamagitan.

### Hakbang 3: Notice of Trustee's Sale

**Aksyon:** Makipag-ugnayan sa isang tagapayo sa pabahay o abugado—ito ang iyong huling pagkakataon na maisangguni para sa pamamagitan.

- Ang Notice of Trustee's Sale ay isang pampublikong naitala na dokumento na nagtatakda ng opisyal na petsa ng foreclosure auction.
- Ang huling araw para humiling ng pamamagitan ay hindi bababa sa 90 na araw bago ang petsa ng foreclosure auction na makikita sa abiso na ito.

### Hakbang 4: Presoso ng Pamamagitan

**Aksyon:** Isumite ang iyong mga dokumento at bayad, at dumalo sa iyong sesyon ng pamamagitan.

- Kung ang isang tagapayo sa pabahay o abogado ay humiling ng pamamagitan para sa iyo, kakailanganin mong magsumite ng mga dokumento (sa loob ng 23 na araw ng referral) at magbayad ng hindi bababa sa \$300 para sa mediation fee (sa loob ng 30 na araw).
- Ang tagapamagitan ang mag-i-skedyul ng pamamagitan sa loob ng 70 na araw pagkatapos ng kahilingan. Maraming pamamagitan ay virtual, o pwedeng gaganapin alinman sa pamamagitan ng telepono o online.
- Ang tagapamagitan ay isang neutral na third-party na naghihikayat sa nanghihiram at nagpapahiram na suriin ang lahat ng mga paraan o posibilidad upang maiwasan ang foreclosure.
- Ang nanghihiram at nagpapahiram ay namamagitan, at pagkatapos ay maglalabas ang tagapamagitan ng sertipikasyon, na nagtatapos sa proseso ng pamamagitan.

### Hakbang 5: Foreclosure Auction [Pagsusuba ng Naremata]

**Aksyon:** Tumawag kaagad sa tagapayo o abogado sa pabahay bago ibenta ang bahay.

- Kung nagtapos ang pamamagitan nang walang kasunduan (o kung hindi ka kailanman humilingng pamamagitan), ang foreclosure auction ay magpapatuloy sa petsang nakasaad sa Notice of Trustee's Sale.
- Paraan para ihinto ang pagbenbenta kabilang ang pagbabayad sa lahat ng mga nahuling bayad sa loob ng 11 na araw bago ang petsa ng pagbebenta, at ilang paghaharap sa korte. Makipag-usap sa isang abogado tungkol sa iba pang mga paraan o posibilidad.
- Kung maganap ang foreclosure auction, pinapayagan ka ng batas ng estado na manatili sa iyong tahanan sa loob ng 19 na araw pagkatapos ng pagbebenta.

Tawagan ang Washington Homeownership Resource Center (Sentrong Mapagkukunan ng May-ari ng Bahay sa Washington) sa **1-877-894-Home (4663)** para makakuha ng tulong at makahanap ng **LIBRE** na tagapayo sa pabahay sa iyong lugar.

I-scan ang QR code para matuto pa tungkol sa proseso ng foreclosure.

